THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE

PULIS SERBIS

# BALITA

#PNPKAKAMPIMO

Volume VI No. 02* Enero 8-14, 2022 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# PHP10.2-M SHABU, NASAMSAM SA ISANG BUY-BUST OPERATION SA SAN CARLOS CITY, NEGROS OCCIDENTAL!

Negros Occidental (January 12, 2022) - Nasabat ng San Carlos PNP ang Php10,200,000 na tinatayang halaga o isa't kalahating kilo ng hinihinalang shabu sa isang drug buy-bust operation na isinagawa ng pinagsanib na pwersa ng Negros Occidental Police Provincial Office, Philippine Drug Enforcement Agency at Regional Drug Enforcement Unit 6 noong ika-12 ng Enero 2022, alas kwatro ng hapon. sundan sa pahina 3






## PUBLIC ANNOUNCEMENT!

**Alert Levels System for COVID-19 in the NCR Alert Level 3**

**Minimal on- site capacity**

*Allowed ( a maximum of thirty percent 30%) venue/ seating capacity for fully vaccinated individuals only and 50% outdoor venue capacity*

**Activities and Establishment**

Police Community Affairs and Development Group | Pulis At Komunidad | PNP Pulis At Ur Serbis | pcadg.pnp.gov.ph

## 7 sugatan, kabilang ang 1 sanggol sa pagsabog sa Cotabato

sundan sa pahina 10

## Php1.7M shabu, nakumpiska; 3 Suspek, arestado sa Pampanga

sundan sa pahina 11



## PULISYAPEDIA


**Ano ang doctrine of last clear chance?**

Ito ay isang konsepto na tumatalakay sa sa isang insidente na nagdulot ng pinsala kung saan dalawa o higit pang tao ang kasangkot. Ayon dito, sa pagitan ng dalawang taong nagpabaya at nagresulta ng pinsala, ang sinuman sa kanila na may huling opurtunidad na mapigilan sana ang insidente na nagdulot ng pinsala ang siyang mananagot sa batas.

## JOINT TASK FORCE CV SHIELD

COMMAND CENTER, PNP COMMAND CENTER

GLOBE
09175382495
SMART
09988490013
LANDLINE
(02)87253176
E-MAIL
ncovmonitoring@gmail.com




#PNPKakampiMo #TeamPNP #WeServeAndProtect

@pnp.pio | @pnppio | @pnp_pio | PNP PIO | www.pnp.gov.ph

## E - SUMBONG

*e - SUMBONG SMS Hotline*

SMART : 0919 1601 752

GLOBE : 0917 8475 757

Email : e-sumbong@pnp.gov.ph
Facebook Page : facebook.com/OfficialPNPHotline
Web Portal : https://e-sumbong.pnp.gov.ph

# One time big time at simultaneous COMELEC checkpoints, inilunsad; 140 lumabag sa ordinansa, nasita



**Misamis Oriental (January 13, 2022) - Inilunsad ng Misamis Oriental Provincial Police Office (MORPPO) – 2nd Provincial Mobile Force Company ang magkasabay na One Time Big Time (OTBT) at COMELEC Checkpoint operations sa 2nd District ng Misamis Oriental noong Enero 13, 2022.**

Ang layunin nito ay tiyakin at paigtingin ang mga operasyon para sa seguridad sa nalalapit na Local and National Election.

Ayon kay PLtCol Mardy Hortilosa II, 2nd Provincial Mobile Force Company Commander, limang (5) simultaneous COMELEC Checkpoints ang inilagay na binubuo ng 40 personnel, para sa police interdiction operations at gun ban violations habang ang COMELEC ay nagpapatupad ng gun ban sa buong bansa.

Habang umabot naman sa 140 indibidwal ang lumabag sa ordinansa na binubuo ng 56 motorista na lumabag sa Other Ordinances Violation Receipt (OVR), habang 84 naman ang lumabag sa mga ordinansa sa trapiko.

Hinikayat din ni PLtCol Hortilosa ang publiko na makipag-ugnayan sa mga awtoridad at sundin ang mga alituntunin na itinakda ng mga checkpoints.

Pinaalalahanan din nito ang mga motorista na mahigpit na pinagbabawal ang pagdadala ng mga baril at anumang nakamamatay na armas simula election period noong Enero 9, 2022. *(Panulat ni Patrolman Jomhel V Tan)*

# Pulis, patay sa pamamaril ng armadong grupo sa Northern Samar



**Catubig, Northern Samar (January 10, 2022) - Kalunos-lunos ang sinapit ni PSSg Joerel Pajac na nakatalaga sa Northern Samar Provincial Intelligence Unit (NSPIU) at residente ng Bgy. Calingnan, Catubig sa probinsya ng Northern Samar na paulit-ulit na binaril ng apat na hindi pa nakikilalang mga lalaki habang siya ay bumababa sa isang bangkang de-motor sa Sitio Ugkad at patuloy na pinagbabaril kahit na siya ay tumalon sa tubig upang makatakas.**

Nangyari ang insidente dakong 11:20 ng umaga nito lamang ika-10 ng Enero, 2022.

Tumakas ang mga suspek patungo sa direksyon ng Brgy. San Francisco sa bayan ng Catubig.

Sa ngayon ay tinutugis na ng mga opisyal ng Catubig Municipal Police Station sa pangunguna ni PCPT Noel B Unay, Officer-in-Charge ang mga suspek.

Mariing kinokondena ng hanay ng Pambansang Pulisya ang pataksil na pag-atake at walang awang pagpatay kay PSSg Pajac na tanging mga halang ang kaluluwa lamang ang makagagawa. *(Panulat ni Pat Darice Anne Regis)*

# 1 bangkay, natagpuan sa isinagawang Search and Retrieval Operation ng Catigbian PNP sa Bohol



**Nagsagawa ng Search and Retrieval Operation ang mga tauhan ng Catigbian Police Station sa ilalim ng pangangasiwa ni Police Lieutenant Georgie T. Sarabosing, Acting Chief of Police, nitong Enero 9, 2022 sa Barangay Mahayag Norte, Catigbian, Bohol.**

Ang nasabing SAR Operation ay pinangunahan ni Police Staff Sergeant Randy Tocmo, kasama ang kanyang team at ng mga tauhan ng Bureau of Fire Protection ng Catigbian sa isang taong pinaniniwalaang nalunod noong kasagsagan ng Bagyong Odette na lubhang nanalasa sa Bohol at ng iba pang karatig probinsya.

Tagumpay na narekober ng mga operatiba ang bangkay ng biktima na kinilalang si Ricardo Andoy y Alisaca, 59 taong gulang, isang magsasaka at residente ng Purok 2, Causwagan Norte, sa parehong munisipalidad na tinatayang ilang araw ng nalunod dulot ng nasabing bagyo.

Samantala, patuloy naman na isinasagawa ng ating kapulisan ang SAR operation para mahanap pa ang mga taong nawawala noong kasagsagan ng bagyong Odette. *(Panulat ni Pat Aivan Martinez Guisadio)*

# Php10.2-M shabu, nasamsam sa isang buy-bust operation sa San Carlos City, Negros Occidental!




Naging subject sa nasabing operasyon sina Joel Rizardo y Delicana, residente ng Greenville Bato, Barangay Rizal, San Carlos City at Jean M Compacion na taga Puso Tres, Barangay Guadalupe ng nasabing lungsod.

Nasakote si Joel Rizardo habang nakaiwas naman si Jean Compacion sa mga umaarestong kapulisan.

Narekober sa suspek ang pitong (7) pirasong heat sealed transparent plastic sachet na naglalaman ng hinihinalang shabu, isang (1) pirasong nakabukas nang transparent plastic sachet na naglalaman din ng hinihinalang shabu, Php3,600 na pinaniniwalaang cash proceeds, isang (1) paper bag at Php3,500 buy-bust money.

Malugod namang pinapurihan ni PCol Leo Pamittan, Acting Provincial Director ng Negros Occidental Police Provincial Office ang Operating Troops para sa matagumpay nilang intelligence-driven operation. Aniya, "Isa itong kapuri-puring accomplishment ng ating mga operatiba at isang magandang salubong sa aking unang linggo bilang bagong itinalagang PD ng NOCPPO. *(Panulat ni Pat Darice Anne Regis)*




# Matataas na kalibreng armas ng NPA, nadiskubre sa Nueva Ecija



**Carranglan, Nueva Ecija (January 12, 2022) - Sa patuloy na pagsisikap ng kasundaluhan at kapulisan na labanan ang paglaganap ng insurhensiya at terorismo sa bansa, kanilang nadiskubre ang isang taguan ng armas ng mga New People's Army (NPA) sa Nueva Ecija noong Enero 12 taong kasalukuyan.**

Habang nagsasagawa ng operasyon ang pinagsanib puwersa ng pulisya at militar, ay isang concerned citizen ang nagsiwalat sa imbakan umano ng armas ng mga NPA na matatagpuan sa Brgy Minuli, Carranglan, Nueva Ecija. Kaya naman nagsagawa ng intelligence operation ang 84 Infantry Battallion, 7 Infantry Division, Philippine Army sa ilalim ng pangangasiwa ng 703rd Brigade at 2nd Provincial Mobile Force Company ng Nueva Ecija Police Provincial Office sa nasabing lugar at matagumpay na nadiskubre ang iba't ibang kagamitang pandigma ng mga rebelde.

Nadiskubre sa lugar ay ang M203 grenade launcher; tatlong (3) stocks/butt plates ng m14 rifle; anim (6) na cartridges ng 5.56mm; sampung (10) rounds ng 40mm high explosive; apat (4) na mahahabang magasin ng 5.56mm; dalawang (2) maiiksing magasin ng 5.56mm; limang (5) ICOM two-way radios at charger; 30-liter container ng bigas; dalawang (2) keypad cellphones at iba pang medical paraphernalias.

Ang mga nasabing kagamitan ay dinala sa kampo ng 84IB para sa wastong dokumentasyon at disposisyon.

# 4 na suspek sa pagpatay kay Police Corporal Henry Mangaser Olindo Jr., arestado na




**Maguindanao (January 10, 2022) - Sinampahan na ng kasong murder ang apat na suspek sa nangyaring pamamaril kay Police Corporal Henry Mangaser Olindo, Jr. noong umaga ng Disyembre 2, 2021.**

Nanguna sa pagsasampa ng kaso ang Criminal Investigation and Detection Group o CIDG-Maguindanao Provincial Field Unit kasama ang Ampatuan Municipal Police Station.

Kinilala ng CIDG ang mga sinampahan ng kaso na sina Pipi Sabtula, Sala Sabtula, Johari Sabtula at Johad Sabtula na pawang kasapi umano ng BIFF-Karialan faction at residente ng Barangay Kauran, Ampatuan Maguindanao.

Ang kaso ay may docketed I.S Number: XIV-05-INV-22A-0335-7 at ito ay naihain noong Enero 10, 2022 sa Maguindanao Prosecutors Office na nakabase sa Cotabato City.

Matatandaan na binabaybay ng pulis na si Police Corporal Henry Mangaser Olindo, Jr. ang National Highway ng bayan ng Ampatuan ng pagsapit nito sa Sitio Abu, Barangay Kauran ay bigla siyang pinagbabaril ng riding in tandem suspect na sanhi ng kanyang on the spot na pagkamatay. *(Ulat ni PAT Mark Vincent Valencia)*



# PNP CHIEF @ UR SERBIS

*Ni PGen Dionardo B Carlos*

## Mga Impormasyon at Alituntuning Dapat Malaman Tungkol sa COMELEC Checkpoint

Bilang paghahanda sa darating na Local at National Elections 2022 sa ating bansa ay nagsimula na rin ang pagsasagawa ng COMELEC checkpoint sa iba't ibang lugar. Ito ay upang matiyak na magiging maayos at epektibo ang pagpapatupad ng firearms o gun ban at pagbabawal sa pagdadala ng iba pang mga ipinagbabawal na armas. Tinitiyak naman natin na hindi maaabuso ng kapulisan na nagsasagawa ng COMELEC checkpoint ang karapatang pantao ng ating mga kababayan.

Ayon sa Rule 1 ng Resolution No. 10741, narito ang mga alituntunin at mga dapat malamang impormasyon ng ating mga kababayan patungkol sa pagsasagawa ng COMELEC checkpoint.

Sa ating mga motorista, kung may COMELEC checkpoint kayong madadaanan sa inyong lugar, magdahan-dahan sa pagmamaneho at huminto kung kinakailangan.

Alamin kung lihetimo ang isinasagawang COMELEC checkpoint. Ito ay dapat isinasagawa sa maliwanag na lugar nang sa ganun ay madaling matukoy o makita kung sino ang nagsasagawa nito. Tandaan na ito ay dapat isinasagawa ng mga naka-unipormeng pulis o sundalo kasama ang kinatawan mula sa Commission on Elections. Dapat ay mayroon silang pagkakakilanlan tulad ng name plate at iba pang identification tag na malinaw n'yong makikita at mababasa.

Dapat mayroon kayong makikita na warning o signboard na may nakasulat na "slow down, checkpoint ahead". Tingnan din kung mayroong signboard na may nakasulat na "Stop COMELEC Checkpoint" na kung saan ay nakalagay dito ang pangalan ng Election Officer, Commanding Officer o Team Leader na nagsasagawa nito kasama ang kanilang mga contact number.

Ikandado ang pinto ng inyong sasakyan. Buksan ang bintana at ipakita ang mga hinihinging dokumento tulad ng driver's license at OR/CR ng inyong sasakyan para sa berepikasyon. Kung sa gabi naman, patayin ang headlight at buksan ang cabin lights.

Hindi n'yo kinakailangang bumaba o lumabas ng sasakyan. Tanging visual search lamang ang gagawin ng mga pulis o sundalong nasa checkpoint. Hindi nila kayo maaaring pababain para kapkapan o isagawa sa inyo ang body search, ngunit kung may kahina-hinalang bagay o pangyayaring nakita ang mga otoridad, higit pa sa visual search ang maaaring gagawin sa inyo.

Hindi rin kayo obligado na buksan ang compartment ng inyong sasakyan, halughugin ang loob nito, maging ang inyong bag o anumang bagaheng inyong dala.

Maging mahinahon at kalmado sa pakikipag-usap, igalang at irespesto ang mga otoridad na nagsasagawa ng checkpoint.

Huwag matakot o mag-atubiling i-report o i-reklamo ang anumang pang-aabuso o iligal na aktibidad na inyong naranasan at nakita sa pagsasagawa ng COMELEC checkpoint.

Tandaan natin na ang pakikipagtulungan at pakikiisa ng bawat isa sa ating mga otoridad, at pagsunod sa mga ipinatutupad na alituntunin ay malaking tulong upang maging maayos, ligtas at mapayapa ang Halalan sa ating bansa.

# EDITORYAL

## Sa anumang pagsubok ng panahon, PNP kaagapay mo

Sa pagsapit ng taong 2022, sinalubong tayo ng bagong variant ng COVID-19 na ayon sa mga eksperto ay mas mabilis ang transmisyon kesa sa delta variant. Ito ay habang pinagsusumikapan pa nating lahat na makatulong sa ating mga kababayan sa malaking parte ng Visayas at Mindanao na lubos na naapektuhan ng bagyong Odette.

Bukod dito, pinaghahandaan narin natin ang pagsisimula ng kampanya para sa national at lokal na eleksiyon ngayong taon. Ibig sabihin mas hihigpitan na ang pagbabantay sa lahat ng lugar upang masiguro ang kaligtasan ng lahat mula sa mga masasamang elemento na ang tanging hangarin ay hadlangan at magpalaganap ng karahasan sa paparating na eleksiyon.

Sa pananalasa naman ng 'omicron' variant at ng pagpapalawig pa ng alert level 3 sa national capital region at iba pang mga probinsiya, bukod sa pagsiguro sa pagpapatupad ng health safety protocols, naatasan rin tayong magpatupad ng mga panibagong direktiba lalo na ang pagtukoy sa mga taong magpipresenta ng mga pekeng vaccination card para lamang makalabas sa mga border control o di kaya'y makalusot sa restriksyon sa transaksiyon na ipinataw ng ilang lokal na pamahaan. Ito ay kaugnay parin ng tumataas ng bilang ng mga nagpopositibo sa Covid-19. Bukod pa rito, aasahan din ang mas malawakang pagbabantay sa mga vaccination site dahil sa mas maigting na pagpapatupad ng bakunasyon sa lahat ng ating mga kababayan.

Sa kabilang banda, tuloy-tuloy parin ang mga relief operation ng pambansang pulisya sa mga lugar na sinalasa ng bagyong Odette. Maraming salamat sa lahat ng ating mga stakeholder at iba't ibang sektor ng lipunan na nagtiwala sa atin upang maging tulay upang kanilang maipaabot ang kanilang tulong sa ating mga kababayan sa Visayas at Mindanao.

Malaking tulong din itong ating mga force multiplier sa walang patid na pagtulong sa ating hanay mula pa noong simula ng pandemya kundi pati hanngang ngayong nalalapit na eleksiyon. Sila ang naging kasa-kasama ng ating mga kapulisan sa pagbabantay sa ating mga quarantine control point at mga dinagdag pang checkpoint bunsod ng papalapit na eleksiyon.

Maasahan ng ating mga mamamayan na sa anumang pagsubok ang dala ng panahon, magkakasabay man yang dumating laging nandito ang pambansang pulisya na handang umagapay at umaksiyon para sa inyo. Sakuna man yan o krisis ng kalusugan ipasisiguro ng kapulisan ang taos-pusong serbisyo para sa bawat isa sa inyo.

Ang lumalakas na suporta at tulong ninyo ang lalong nagpapatibay sa ating mga kapulisan upang gampanan ang kanilang mandatong magsilbi at pumrotekta sa kahit na anong paraan.



# THE PNP CORRESPONDENT

*Ni: PEMS Eric B. Fernandez*

## PNP Chief PGEN Dionardo Carlos, Bumisita sa PRO MIMAROPA

Bumisita si Philippine National Police Chief, PGEN Dionardo Bernardo Carlos sa Police Regional Office (PRO) MIMAROPA o sa mga lalawigan na kinabibilangan ng Mindoro, Marinduque, Romblon, at Palawan. Ito ay sa pamamagitan ng kanyang Official Command Visit para sa nasabing rehiyon.

Naging mainit naman ang naging pagtanggap ni PRO-MIMAROPA Regional Director, PBGEN Sidney Hernia sa delegasyon ng ating PNP Chief na kahit sa panahon ng pandemya ay nagkaroon pa rin ito ng pagkakataon na bisitahin ang kanilang rehiyon.

Kabilang sa mga mahahalagang bagay na kanilang pinag-usapan ay ang kalagayan ng ating mga pulis at kababayan pagkatapos silang tamaan ng bagyong si Odette, ganun din ang peace and order situation nila doon, at ang kanilang paghahandang pang-seguridad para sa 2022 National and Local Elections.

Sa kanyang naging mensahe ay pinapurihan ni PNP Chief, PGEN Dionardo Carlos ang ating mga pulis sa MIMAROPA Region sa pangunguna ni PBGEN Hernia. Hindi lamang anya sa pagpapanatili ng kaayusan at kapayapaan ang ginagampanan ng ating mga pulis, kundi bagkus sa pagtulong sa ating mga kababayan sa panahon ng kalamidad gaya ng bagyo, at ngayong panahon ng pandemya.


# EDITORIAL BOARD

**PGEN DIONARDO B CARLOS**
*Chairman*

*Editorial Consultant*
**PMGEN BARTOLOME R. BUSTAMANTE**

*Editor-In-Chief*
**PBGEN ERIC E. NOBLE**

*Executive Editors*
**PCOL MARCIAL MARIANO P. MAGISTRADO IV**
**PCOL ROGELIO P. SIMON**
**PCOL BERNIE H. ORIG**

*Business Manager*
**PLTCOL AIZA ZITA S. SAN ANTONIO**

*Managing Editors*
**PLTCOL CHRISTINE R BAGUNDOL**
**Ms. Evelyn Duremdes-Barz**

**PLT NOMER B. MACARAIG *PLT MYLEEN D. LACAMBRA *PCpl Josephine T. Blanche *PCpl Romulo Cleve M. Ortenero *PCpl Alona Faith L. Edas *PCpl Melody L. Pineda *PCpl Mary Metche A. Moraera *PCpl Carla Mae P. Canapi *Pat Jenny T. Beltran *NUP Emma Kris D. De Guzman *NUP Loreto B. Concepcion**
*Writers/Researchers*

**PSMS Janice C. Arenas *NUP Leonito C. Navales**
*Photographers*

*In-Charge of Circulation*
**PCMS Ronald V. Condes *PSMS Rosie B. Gonzalo**
***PCpl Rei Austin R. Manahan**
***Pat Jersen Christopher L. Yalong**

**PLT RALPH KESTER S. RAGAZA**
**PMSg Butch L. Berden**
**PSSg Alan Czar A. Santos**
*Cartoonists*

**Mr. Roy S. Gonzalez**
**Mr. Ralph Evan S. Gonzales**
*Graphic/Layout Artist*

Editorial Office: Police Community Affairs and Development Group
Email Add: pnppublications@yahoo.com / pulisserbisbalita@gmail.com
Tel. No.: (02) 723-0401 local 3453

# TRANSFORMATIONAL LEADERSHIP

*Ni: PCpt Fulgencio M Cañon, Jr*

## Ang Nais Ko...

Mapagpalang araw po sa inyong lahat. Purihin ang Panginoong Diyos sa Kanyang walang humpay na pag-ibig sa atin. Sa kabila ng pandemyang ating nararanasan ay patuloy nating nararanasan ang habag at biyaya sa atin ng Panginoong Diyos.

Ano ba ang nagbibigay sa iyo ng inspirasyon upang magising ng maaga at patuloy na mapagtagumpayan ang lahat ng pagsubok sa buhay?

May mga nakausap ako at ang sabi nila, "ang pamilya ko ang nagbibigay sa akin ng inspirasyon at lakas sa akin na magising sa umaga. Kahit na mahirap ang trabaho ay nagsisikap ako para mabigyan sila ng magandang kinabukasan. Sa tulong at biyaya ng Panginoon ay aking haharapin ang mga pagsubok at magtatagumpay."

Naalala ko, noong Disyembre 27, 2020 ay naramdaman ko ang pagkahilo. Sandali akong naidlip sa pagtulog at nang mawala ang aking pagkahilo ay aking kinausap ang aking mga bisita. Naisip ko na sa isang iglap ay maraming posibleng mangyari sa iyo at sa akin. Bawat araw at sandali na kasama ang pamilya ay dapat nating pahalagahan. Anuman ang mangyari ay wala po tayong pagsisisihan.

Ngayong 2022, ano ang nais mong makamit sa taong ito?

Marahil ay ninanasa nating ma-promote sa taong ito o matapos ang pag-aaral ng Masteral o Doctorate. Magkaroon ng sasakyan para magamit sa pagpasok sa opisina upang maiwasan ang exposure sa mga tao. Maraming magagandang bagay na dapat tayong gawin sa taong ito ng 2022.

Para sa akin, ang pinakamahalagang bagay ay ang pagkakaroon ng malalim sa ugnayan sa Panginoon. Sa pamamagitan nito ay malalaman natin ang plano ng Diyos sa ating buhay. Ang "Salita ng Diyos" ang magbibigay liwanag sa atin patungkol sa kahulugan at kahalagahan ng buhay, at ang "Misyon" na dapat nating gampanan. Lahat ng sumunod sa kalooban ng Panginoong Diyos ay nagtagumpay sa buhay. Ang kanilang pananampalataya ay natala sa "Banal na Kasulatan" at nagbigay ng magandang halimbawa sa atin na dapat nating tularan.

"Ako'y naging bata at ngayo'y matanda na, ngunit hindi ko pa nakita kahit kailan na ang matuwid ay pinabayaan ng Panginoon o ang kanya mang mga anak ay namalimos ng pagkain." Awit 37:25 (MBBTAG)

Ang talatang nabanggit ay nagbibigay ng kalakasan sa akin, upang ako ay maglingkod sa Kanya. Sa paggising sa umaga ako, ikaw, tayo ay mananalanging may pasasalamat sa lahat ng Kanyang kabutihan sa atin. At patuloy nating hihilingin sa Kanya ang mahabang buhay. Sa paggising natin ay gawin natin ang Kanyang kalooban.

Sa paglilingkod mo ng tapat sa Panginoon at sa Serbisyo, may laang biyaya at gantimpala mula sa Kanya. Purihin ang Diyos!

## Rebel surenderee na pumatay at gumahasa sa 7 taong gulang na babae, pormal nang sinampahan ng kaso

**Pormal nang sinampahan ng kasong Rape with Homicide ang suspek sa panggagahasa at pagpatay sa isang pitong (7) taong gulang na batang babae sa Brgy. Mahongkog, Magpet, North Cotabato.**

Ang suspek na isang former rebel ay kinilalang si Rogelio Villafuerte Jr., 18 anyos, residente ng Brgy. Balite sa nasabing bayan.

Kung matatandaan, hindi pinangalanan ni Magpet MPS Chief of Police, PMaj John Minidel Calinga ang suspek sa unang panayam dito dahil iginigiit nitong menor de edad lang siya, ngunit sa pagsisiyasat ng PNP ay napag-alamang nasa hustong gulang na ito.

"Madalas na ginagamit ng ilang mga suspek na "alibi" ang pagiging menor de edad sa paniniwala nilang mapapawalang sala sila dahil isasailalim lang sa interbensyon," aniya.

Samantala, lumalabas din sa panibagong imbestigasyon ng PNP na mag-isa lang sa krimen ang nasabing suspek na taliwas sa kanyang pahayag na may isang kasamahan pa ito.

Ayon kay PMaj Calinga, sinusubukan lang ng suspek na ilihis ang kanilang imbestigasyon, na nauna ng umaming impluwensiyado ito sa ipinagbabawal na gamot kaya nagawa ang karumaldumal na krimen.

Sa malalimang pagsisiyasat ng PNP napag-alaman din nilang naiwan ang biktima kasama ang kanyang nakababatang kapatid ng mangyari ang insidente.

Sinuhulan umano ang nakababatang kapatid nito na umalis at doon na isinagawa ng suspek ang kanyang pakay sa biktima. *(Panulat ni Khnerwin Jay A Medelin)*

## Top 1 Most Wanted kalaboso sa isinagawang Manhunt Operation sa Basilan

**Lamitan City, Basilan (January 11, 2022) - Kalaboso ang Top 1 Most Wanted ng Zamboanga City Police Station 9 sa isinagawang Manhunt Operation ng pinagsamang tauhan ng Basilan Police Provincial Office; Zamboanga CPO; at 4MCIC-MCIBN, S2 MBLT11, Enero 11, 2022 sa Sitio Labreco, Brgy Limook, Lamitan City, Basilan.**

Si Elmer Olarte Delos Reyes, 41 taong gulang ay may Warrant of Arrest dahil sa kasong Murder na inisyu ng Presiding Judge ng 9th Judicial Region, Branch 17 ng Zamboanga City noong Hunyo 25, 2007 kung saan walang inirekomendang piyansa.

Ang suspek ay kasalukuyang nasa pangangalaga ng Lamitan CPS para sa dokumentasyon.

Determinado ang PRO BAR na sugpuin ang lahat ng kriminalidad sa rehiyon at ilagay sa likod ng rehas ang lahat ng wanted na kriminal para sa pagkamit ng pangmatagalang kapayaan sa rehiyon ng Bangsamoro.

Pinuri rin ni Police Brigadier General Eden T Ugale, PRO BAR Regional Director ang mga operatiba ng bawat operasyon para sa kanilang walang humpay na pagsisikap na mahuli ang mga kriminal.

"This should send a clear message to criminals or wanted persons hiding in the region, you can run but you can never hide from the PNP. We, as ever to go after criminals who have been eluding arrests for years", saad ni PBGen Ugale. *(Panulat ni Pat Valencia - RPCADU BAR)*

## 4 na Top Most Wanted Person at 11 Wanted Person, huli ng Zamboanga del Norte PNP

**Zamboanga del Norte (January 10-11, 2022) - Nagsagawa ng 2 days Simultaneous Law Enforcement Operation ang Zamboanga del Norte Police Provincial Office (ZNPPO) sa pamumuno ni PCol Giovanni Hycenth H Caliao I, Provincial Director, na nagresulta sa pagkakahuli ng apat (4) na Top Most Wanted Persons (Municipal Level) at labing isang (11) Wanted Person (Municipal Level) noong Enero 10 -11, 2022.**

Ang operasyon ay isinagawa sa pamamagitan ng pagsisikap ng mga operatiba mula sa dalawang (2) lungsod at dalawampu't limang (25) Municipal Police Stations, dalawang (2) Provincial Mobile Force Companies (PMFC) ng Zamboanga del Norte Police Provincial Office at sa pakikipag-ugnayan sa ibang mga opisina/istasyon ng pulisya at iba pang ahensya.

Patunay lamang ito na mas pinaigting ng ZNPPO ang kampanya laban sa Top Most Wanted Person at Wanted Person kaugnay ng Simultaneous Enhance Managing Police Operation (SEMPO) sa kanilang nasasakupan upang mahuli at mapanagot ang mga may sala sa batas, at upang mapanatili ang kaayusan at seguridad ng bawat mamamayan. *(Panulat ni Pat De Leon-RPCADU 9)*



# Ama sinunog ang tahanan; pamilya kinupkop at tinulungan ng kapulisan





**Kapapasok palang ng bagong taon ay isang trahedya na ang nangyari sa pamilya ni Gladys Dela Cerna Cardoza, 30 taong gulang na residente ng Purok 1, Brgy. Nicaan, Libungan Cotabato kung saan tinupok ng apoy ang kanilang tahanan, alas 5:00 ng hapon, Enero 9, 2022.**

Sa nangyaring insidente ay kaagad na umaksyon ang mga tauhan ng Libungan Municipal Police Station sa pamumuno ni Chief of Police, PCpt. Razul G Pandulo kasama ang Libungan Bureau of Fire at nagtungo sa pinangyarihan upang irescue ang kanilang pamilya.

Matagumpay na narescue ang kapatid nitong si Ivy Cardoza, 21 taong gulang at ang kanyang tatlong anak na may edad na sina Nicey Leaño, 9 na taong gulang; Jeeyan Leaño, 8 taong gulang; at Irish Leaño, 3 taong gulang mula sa sunog na 'di umano'y kagagawan ng kanyang kinakasamang si Jay-r Leaño.

Kaagad na dinala ng mga tauhan ng Libungan MPS, Women's and Children Protection Desk (WCPD) na si PCpl Kristine Grace G Ulep, WCPD Investigator ang nasabing pamilya sa kanilang himpilan upang kupkupin at bigyan ng mga pangunahing pangangailangan sa tulong ng mga tauhan ng Libungan MPS kabilang na ang damit, pagkain at financial assistance.

Walang natira sa mga gamit ng biktima at tanging suot lamang na damit ang kanilang dala kaya naman nakipag ugnayan rin ang WCPD ng himpilan sa tanggapan ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) Libungan upang humingi ng assistance at counseling para sa mga biktima. Kasalukuyan naman ay nasa pangangalaga ng Libungan MPS ang mag iina at kapatid nito habang inihanda na rin ang posibleng ikakaso laban sa suspek. *(Panulat ni PCpl Mary Metche A Moraera)*



# Agri-PULIS, nagbenta ng tanim na tanglad para sa mga nasalanta ng bagyong Odette



**Nagbenta ng mga inaning tanim na tanglad ang mga tauhan ng 1201st Maneuver Company, Regional Mobile Force Battalion (RMFB) 12 sa pamumuno ni PMaj Role Vergel G Parreño, Company Commander, upang makalikom ng pera na ipambibili ng reliefs goods para sa mga biktima ng bagyong Odette.**

Kumita ito ng halagang Php5,900.00 na dinagdagan naman ng mga tauhan ng 1201st MC na umabot sa halagang Php12,100.00 na siyang ipinamili ng mga relief goods para sa mga kababayan nating lubos na napinsala dala ng bagyong Odette.

Ito ay mula sa kanilang malawak na gulayan na mismong tinanim at pinalago ng mga tauhan ng 1201st MC, sila rin mismo ang naglako o nagbenta sa bayan ng Cotabato partikular na sa mga pwesto ng nagtitinda ng mga lechong baboy, manok at mga gulayan.

Taos puso rin ang pasasalamat ng 1201st Maneuver Company, RMFB12 sa pangunguna ni PMaj Parreño sa lahat ng bumubuo nito at sa mga stakeholder na walang sawang nagbibigay ng tulong at donasyon. *(Panulat ni PCpl Mary Metche A Moraera)*



# Mahigit Php1-M halaga ng relief goods, ipinamahagi sa mga nasalanta ng bagyong Odette sa Caraga Region




**Mainit, Surigao Del Norte (January 14, 2022) - Ipinamahagi ang mahigit isang milyong halaga ng relief goods sa mga nasalanta ng bagyong Odette sa Butuan City at Surigao Del Norte, Caraga Region noong ika-14 ng Enero 2022.**

Pinangunahan ni PMaj Jane Golocan at PMaj Rowena Jacosalem ng Regional Community Affairs and Development Division, PRO11 ang naturang relief operation katuwang ang Regional Police Community Affairs and Development Unit 11, 12 at BAR at ng Fraternal Order of Eagles Davao.

Mahigit 1,500 pamilya na lubhang naapektuhan sa Brgy. Mabini at Mainit, Surigao Del Norte, Caraga Region ang naging benepisyaryo nito.

Nasa 3,000 food packs, 35 sakong bigas, 300 gallons ng inuming tubig (20 litro) at 10,000 bottled mineral water ang ipinamahagi na nanggaling sa donasyon ng iba't ibang Non-Government Organization at Stakeholders.

Kasabay nito ay nagsagawa din ng Medical Mission at namigay ng libreng gamot upang masiguro at mapanatiling maayos ang kalusugan ng mga biktima ng bagyo na kasalukuyang nasa Evacuation Center pa.

Habang ang ibang relief goods naman ay itinurn-over sa Mainit Police Station, Surigao Del Norte, upang ipamahagi sa mga residenteng nakatira sa malalayong lugar sa naturang lalawigan.

Kitang kita sa mga mata ng bawat pamilyang tumanggap ng ayuda ang tuwa't galak sa tulong na ipinaabot ng Police Regional Office 11.

Sa ngayon ay pahirapan parin ang suplay ng tubig habang hindi pa naibabalik ang suplay ng kuryente sa mga nabanggit na lugar. *(Panulat ni Pat Preal Cris S Edosma)*






# Manganganak na buntis, inalalayan ng pulis


**Inabutan ng mga tauhan ng Revitalized-Pulis sa Barangay (R-PSB) Tibulao sa pangunguna ni PLt Maricel V Manalang at PLt Renante D Matalang ang dalagitang nahihirapan sa panganganak na si Mae Celestial, 16 na taong gulang sa kanilang bahay sa Purok 3 Brgy. Tibulao, Carmen, Davao del Norte.**


Dahil sa kalagayan nito, kasama ang Brgy. Kagawad na si Ma. Divina C Cambarihan na isang Midwife ay inalalayan ni PLt Manalang si Mae sa panganganak at pagkatapos ay tinulungang isakay sa ambulansiya na tinawagan ni PLt Matalang upang dalhin si Mae sa pinakamalapit na ospital sa Munisipalidad ng Carmen.


Malaki ang naging pasasalamat ng pamilya sa R-PSB Tibulao. Ang pagiging alerto ng bawat R-PSB ay isa sa napakahalaga at napakalaking kontribusyon ng kapulisan sa pagbibigay ng agarang aksyon at pagresponde nito sa mga katulad na pangyayari sa bawat komunidad. Napakalaking tulong ito sa bawat residente ng kanilang nasasakupan. *(Panula ni PCpl Mar Metche A Moraera*











# BANTAYOG NG KAGITINGAN

*Ni: PLt Robert Fabregas*

## Pulis, Bayani ng Bayan!

Ang paglaban sa kriminalidad ay bahagi nang pang araw-araw na gawain ng mga pulis. Ganoon din ang paghahain ng Warrant of Arrest sa isang Wanted Person o pagsasagawa ng police operation sa pamamagitan ng search warrant. Ang mga Ito ay epektibong paraan upang mapigilan ang mga kriminal na maghasik nang karahasan at takot sa mamamayan. Nasasagkaan ang anumang masamang gawain ng mga salot ng lipunan kapag aktibo ang mga kasapi ng pulisya sa paghuli sa mga taong nagtatago sa batas.

Kaakibat ng mga operasyong ito, malapit din sa panganib ang ating mga kapulisan lalo na kapag may grupong may malalakas na armas ang mga kriminal na elemento. Laging nakahanda ang bawat kasapi ng Philippine National Police (PNP) na mag-alay ng buhay sa pagtupad sa sinumpaang tungkulin na "To Serve and Protect".

January 23, 2021, madaling araw ng Sabado nang magsagawa ang PNP ng operasyon laban sa Most Wanted Person na si dating Limbo Barangay Chairman Datu Pens Talusan sa Sultan Kudarat, Maguindanao. Kaugnay ito nang malawakang kampanya ng PNP na paigtingin ang kampanya laban sa mga salot na kriminal at mga wanted upang mapanatili ang kapayapaan at kaayusan sa bansa.

Batay sa ulat, ang mga pulis ay maghahain ng warrant of arrest kay Talusan nang paputukan sila ng mga kalalakihan na armado ng mga automatic rifles at matataas na kalibre ng baril. Dahil sa nakaambangpanganib at banta sa kanilang buhay ay napilitang gumanti nang putok ang nga alagad ng batas na humantong sa maigting na sagupaan na tumagal nang ilang oras. Nang natapos na ang madugong engkuwentro, napatay sa labanan si Datu Pens Talusan kabilang ang labing isa (11) niyang kasamahan. Narekober din ng mga awtoridad ang matataas na kalibre ng baril ng grupo ni Talusan.

Gayunpaman, nabahiran nang kalungkutan ang tropa nang matagpuan nila ang wala nang buhay na katawan ni PSSgt Elenel A Pido na magiting na nakipaglaban sa mga kaaway ng batas.Nasugatan din sa engkuwentro ang ilan pang kasamahan ni PSSgt Pido na agad na dinala sa pagamutan. Minsan pa ay ipinamalas ng isang pulis ang tunay na kahulugan ng komitment at sakripisyo upang tumugon sa tawag ng tungkulin.

Bilang pagkilala sa katapangan at kagitingan ni PSSgt Elenel Pido, ginawaran siya ng PNP ng posthumous award na Medalya ng Kadakilaan.

PSSgt Pido, salamat sa iyong kabayanihang ipinamalas para sa kaligtasan ng mamamayan!

# Top 7 Most Wanted Person ng PNP DEG, arestado


**Caloocan City (January 9, 2022) - Naaresto sa bisa ng Warrant of Arrest ang tinuturing na Top 7 Most Wanted Person ng Philippine National Police Drug Enforcement Group (PNP DEG) sa 908 Franville 2 Subdivision, Camarin Area A, Caloocan City noong Enero 9, 2022.**

Kinilala ang suspek na si Marfrie Galasinao y Acob, 38 anyos, trabahador at residente ng Taggapan St., Quezon, Solano, Nueva Vizcaya.


Matapos ang masusing surveillance ng Solano Municipal Police Station at ng Cadena de Amor Police Station ay natapos ang halos kalahating dekadang pagtatago ni Galisanao sa batas.

Nahaharap ang suspek sa kasong paglabag sa Article II, Sections 6 at 12 ng Republic Act 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Sa kasalukuyan, si Galasinao ay nasa kustodiya ng mga umarestong pulis para sa booking procedures bago ipasakamay sa court of origin.




# Online Scammer, naaresto sa entrapment operation sa Baguio City




**Baguio City (January 13, 2022) - Matagumpay ang isinagawang entrapment operation ng pinagsanib puwersa ng mga tauhan ng Baguio City Police Office, Police Station (PS1) - Naguilian Road at Regional Anti-Cyber Crime Unit – Cordillera (RACU-COR) na nagresulta sa pagkaaresto sa isang suspek sa paglabag sa Art 315 ng Revised Penal Code (RPC) na may kaugnayan sa Sec 6 ng Republic Act 10175 noong Enero 13, 2022.**

Naaresto si Bb. Gemmalyn Villanueva Flores, 26 taong gulang, at nangungupahan sa #156 Ramon Mitra, Middle Quezon Hill, Baguio City dahil sa reklamong isinampa ni Bb. Jeanina Ann Carpio, 24, at residente ng #22 MRR Queen of Peace, Baguio City hingil sa online scam.

Ayon kay Bb. Carpio, ang nasabing suspek ay nag-order ng mga gamit at flower money sa biktima sa pamamagitan ng facebook messenger at matagumpay na naihatid ang mga ito ngunit ang ipinadalang bayad ng sinasabing suspek ay pekeng resibo ng Western Union.

Samantala, narekober ang isang (1) bouquet na naglalaman ng 15 piraso na Php500 bill at limang (5) piraso na Php1000 bill at ang isa (1) pang bouquet ay naglalaman ng 60 piraso na Php100 bill at 80 piraso na Php50 bill bilang boodle money at isang (1) Nokia celphone na kulay itim.

Ang naarestong suspek ay kasalukuyang nasa kustodiya ng RACU-COR para sa dokumentasyon bago sampahan ng kaso. *(Panulat ni PSSg Amyl G Cacliong)*

# 2 Most wanted Person, timbog ng Zamboanga City PNP

**Zamboanga City (January 11, 2022) - Pinangunahan ni Police Colonel Rexmel Reyes, City Director, ang pagbibigay papuri sa kahanga- hangang matagumpay na operasyon ng Operating Unit ng Zamboanga City Police Station 10 (ZCPS10), para sa pagka aresto ng Top 8 at Top 9 Most Wanted (Station level), noong Enero 11, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Reyes ang mga akusado na si Jomar Endrina y Bella alyas "Bulldog", Top 8 Most Wanted ng ZCPS10, 18 anyos, residente ng Purok-2 Labuan, Zamboanga City. Inaresto ang suspek bandang 6:16 PM noong Enero 11, 2022, sa Purok-5 Phase 2 Katilingban Subdivision Barangay Sinunuc nitong Lungsod sa bisa ng Warrant of Arrest para sa Crime of "Robbery" na nasa ilalim ng Criminal Case no. 49260 na may inirekomendang bail bond na nagkakahalaga ng Php72,000.





Samantala, si Jay-Nur Usman Jawali na Top 9 Most Wanted ng ZCPS10, 18 taong gulang, residente ng Agrarian, Barangay Patalon, Zamboanga City ay naaresto ng mga Tauhan ng ZCPS10 bandang 11:00 AM ng Enero 11, 2022, sa Agrarian, Barangay Patalon, Zamboanga City. Inaresto ang suspek dahil sa krimeng "Robbery" na nasa ilalim ng Criminal Case no. 49155 na may inirekomendang bail bond na nagkakahalaga ng Php48,000.

Binigyang-diin ni Police Colonel Reyes na ang matagumpay at pinahusay na operasyon ng pulisya ng PNP Zamboanga City Police Office ay nagpapakita ng matibay na pangako nito na patuloy na makikipagtulungan sa iba pang mga yunit sa pagpapatupad ng batas at paglaban sa mga wanted na tao, kriminalidad at iba pang uri ng ilegal na aktibidad. *(Panulat ni Patrolman John Ronald Tumonong)*

# 2 Top most wanted person ng NCRPO, arestado


**Manila (January 8, 2022) - Matagumpay na naaresto ng mga kapulisan ng National Capital Region Police Office (NCRPO) ang Top 5 Regional Most Wanted Person (MWP) sa rehiyon alinsunod sa pinaigting na kampanya laban sa Top MWP nitong Enero 8, 2022 sa No. 2312 Chromium St, San Andres Bukid, Manila.**

Kinilala ang akusado na si John Enage y Fabro, 40 taong gulang na may nakabinbing warrant of arrest sa kasong Rape na inisyu ni Hon. Judge Francisco Dizon Rano, Presiding Judge ng Fourth Judicial Region, Regional Trial Court Branch 23, Trece Martinez City, Cavite.

Nahuli naman noong Enero 9, ang Station's Top 1 MWP ng operatiba ng Police Station 14, Holy Spirit, Quezon City Police District sa Brgy. Malitao, Echague, Isabela ang kinilalang si Joseph Sabbaluca y Rivera na retirong Staff Sergeant ng Philippine Marines.

Si Sabbaluca ay may nakabinbing warrant of arrest sa paglabag sa Section 3 ng Presidential Decree 1866 as amended by Republic Act 9516 at paglabag sa Section 28 (b), (d) at (c) ng Republic Act 10591.

"Ang TEAM NCRPO po ay patuloy sa paglulunsad ng mga operasyon laban sa mga kriminal na gaya ng dalawang ito, na ilang taon ding nagtatago sa batas. Hindi po kami tumitigil at napapagod na bigyan kayo ng isang maayos at mapayapang komunidad. Tuloy-tuloy lang po kami sa paglilingkod at pagseserbisyo ng TAMA: Tapat, may Tapang at Malasakit para sa Sambayanang Pilipino", ani ni NCRPO Chief Police Major Gen Vicente D Danao Jr. *(Panulat ni Patrolman Noel* Lopez)



# Bangkay ng lalaki, natagpuan sa Irrigation Canal ng Tabuk City



**Agad na rumesponde ang mga kapulisan ng Tabuk City Police Station sa pangunguna ni PLT Ryan C. Antonio sa isang ulat ng isang concern citizen na may natagpuang bangkay ng lalaki sa kanal ng irigasyon sa Maledda, Ipil, Tabuk City, Kalinga noong January 11, 2022.**

Sa pagtutulungan ng mga tauhan ng Special Action Force (SAF), 1st Kalinga Police Mobile Force Company (KPMFC), Bureau of Fire Protection (BFP) Tabuk, Kalinga Police Crime Laboratory Office (KPCLO) at mga residente, narekober ang bangkay ng isang lalaki na nakasuot ng orange t-shirt at itim na short pants na nakitang lumulutang sa irigasyon at dinala sa TAMPCO Funeral Care, Appas, Tabuk City, Kalinga para sa pagsasagawa ng postmortem examination

Bandang alas-6:30 ng gabi, ang natagpuang bangkay ay positibong kinilala ng kanyang pamilya na si Abel Balinsong Jaramillo, 19 taong gulang, binata, construction worker at residente ng Barangay Santos, Quezon, Isabela.

Pinili ng pamilya na iuwi ang mga labi sa kanilang tirahan dahil naniniwala sila na ito ay isang aksidente at walang indikasyon na ang pangyayari ay sangkot sa kriminal o maling gawain.

# Barangay Peace Action Team outpost, damay sa pamamaril sa Maguindanao

**Muli na namang ginulantang ng isang malakas na pagsabog at sunod-sunod na pamamaril ng mga di kilalang armado ang Brgy. Buayan Datu Piang, Maguindanao na di kalayuan mismo sa bahay ni Mayor Victor Sumama, pasado alas 8:00 ng gabi, Enero 10, 2022.**

Kinilala ni Maguindanao Police Spokesperson, PCpt Fayed Cana, ang isang suspek na si Sahad Paglat, residente ng Brgy. Balakanen ng nasabing bayan, habang ang isang suspek ay inaalam parin ang pagkakakilanlan.

Ayon kay PCpt Cana, pinaulanan ng bala ang isang Barangay Peace Action Team (BPAT) outpost sa nasabing barangay na nagresulta sa pagkakasugat ng BPAT member.

Hinihinalang ang mismong target ng pamamaril ay ang BPAT Outpost ngunit sa kabilang banda ay tinitingnan din ng mga awtoridad ang anggulo na mismong bahay ni Mayor Sumama ang target ng pamamaril dahil hindi naman ito kalayuan sa BPAT outpost.

Sa ngayon ay patuloy ang mahigpit ang isinasagawang imbestigation ng ating kapulisan upang matukoy ang pagkakakilanlan ng may sala sa nasabing insidente. *(Panulat ni Pat Valencia - RPCADU BAR)*

# 4 na bet collectors ng illegal number games, arestado ng Pagadian PNP

**Pagadian City (January 14, 2022) - Inaresto ng Pagadian City Police ang 4 na bet collector ng illegal numbers game na lokal na kilala bilang "SWERTRES" sa isang anti-illegal gambling drive sa lungsod ng Pagadian noong Biyernes, Enero 14, 2022.**

Nahuli ang mga naaresto na aktong nangongolekta ng mga taya ng Swertres sa magkasabay na pagsalakay sa mga Barangay ng Balangasan, Dao, at Sto Niño, sa nasabing lungsod.

Sina Junnifer Robles Tolebas, Josua Abraham Pao Bebelone, Virginia Lerazan Escolano at Ian Lerazan Panaginip, ay sasampahan ng kasong illegal gambling o paglabag sa R.A. No. 9287 (isang batas na nagdaragdag ng mga parusa para sa Illegal Numbers Games na "SWERTRES", na nasa ilalim ng Presidential Decree No. 1602).

Ang mga pagsalakay ay ginawa kasunod ng mga ulat patungkol sa patuloy na aktibidad ng ilegal na pagsusugal sa lungsod.

"Patuloy na susuportahan ng Pagadian City Police Force ang regulated numbers game operations ng Philippine Charity Sweepstakes Office at sa pagpupursige ng ating kampanya laban sa ilegal na sugal. Tayo ay magtulong-tulong upang mahuli ang mga sindikato na nagpapatakbo ng ilegal na aktibidad at sa mga financier at protectors ng ilegal number games", ani PLtCol Manuel Ryan P Lim, OIC PCPS. *(Panulat ni Patrolaman John Ronald Tumonong)*

# 3 suspek ng Robbery Hold-up sa lungsod ng Santiago, arestado




**Santiago, Isabela (January 2, 2022) - Nahulog sa kamay ng mga otoridad ang tatlong (3) suspek sa Robbery-Hold up sa Santiago City noong Enero 5, 2022 na nakatangay ng nasa Php1,094,000.00 mula sa dalawang empleyado ng J & T Express.**

Sa isinagawang magkahiwalay na hot pursuit operation ng mga tauhan ng City Intelligence Unit ng Santiago Police Office sa pangunguna nina Police Major Andy Orilla ng Police Station 1 at ni Police Major Romel P. Cancejo ng Police Station 2, matagumpay na naaresto ang tatlong (3) suspek sa Purok 5 Barangay Abra, Santiago City at Purok 6, San Isidro, Diffun Quirino noong Enero 11, 2022.

Kinilala ang mga suspek na sina Mack Jay Dela Cruz Venturina, 28 anyos, construction worker; Pee Jay Dela Cruz Venturina, 34 anyos, dating empleyado ng J&T, kapwa residente ng Purok 6, Abra Santiago, at Randy Ignacio Andres, 46 anyos, construction worker at residente ng Purok 6, Diffun Quirino.

Ayon sa mga otoridad, nakatanggap sila ng impormasyon mula sa Confidential Informant na kumilala sa mga suspek base sa CCTV footages ng nasabing insidente na iniupload sa social media.

Narekober mula sa tatlo ang Php120,000 halaga at mga bagay na kanilang binili mula sa perang ninakaw.

Gayundin, nakumpiska kay Randy Andres ang isang (1) cal 9mm pistol na may kasamang magasin na may limang (5) bala at isang(1) granada. Samantala, nakumpisa naman kay Pee Jay Ventura ang isang(1) replica ng cal 45 pistol at isang(1) granada.

Dinala ang mga naarestong suspek sa Police Station 1 at nahaharap sa kasong Robbery with Intimidation, paglabag sa Republic Act 9516 at paglabag sa Omnibus Election Code in relation to COMELEC Resolution No.10728.

Pinuri ni Police Brigadier General Steve B. Ludan, Regional Director ng Police Regional Office 2 (PRO2) ang operating teams ng Santiago City Police Station sa tagumpay na kampanya laban sa kriminalidad at terorista.

"Ang pagkakaaresto sa tatlong suspek sa Robbery Hold-up ay nagpapatunay na walang makakatakas sa mga lumalabag sa batas," ani PBGen Ludan.

Samantala, patuloy na pinapaigting ng mga tauhan ng PRO2 ang mga kampanya laban sa kriminalidad at terorista upang mapanatili ang kaayusan at katahimikan sa buong rehiyon dos.

# 7 sugatan, kabilang ang 1 sanggol sa pagsabog sa Cotabato



**Aleosan, Cotabato (January 11, 2022) - Sugatan ang pitong (7) indibidwal kabilang ang limang (5) buwang gulang na sanggol sa nangyaring pagsabog ng bomba sa loob ng Mindanao Star bus sa Purok. Narra, Upper San Mateo, Aleosan, Cotabato, bandang alas 8:00 ng umaga, Enero 11, 2022.**

Tinutukoy pa kung anong uri ng Improvised Explosive Device (IED) ang ginamit pampasabog sa likurang bahagi ng pampasaherong bus na may body number na 1551 na minamaneho ni Michael Sochaysing Hubabib, 36 taong gulang, residente ng Matina, Davao City.

Ang mga tauhan ng Cotabato Police Provincial Office-EOD at Cotabato Crime Laboratory ay patuloy na nagsisiyasat sa pinangyarihan ng krimen. Nagsagawa na rin ng ligtas na pamamaraan para maiwasan ang posibleng pangalawang IED explosion.

Kaagad din na nag-organisa ang Police Regional Office 12 ng Special Investigation Task Group (SITG) na pinamumunuan ni PCol Michael Lebanan, Chief Regional Staff (CRS) para pangasiwaan ang imbestigasyon sa karumal-dumal na pag-atake ng terorista kung saan damay ang mga inosenteng sibilyan.

Batay sa inisyal na imbestigasyon, sumakay sa bus ang hindi pa nakikilalang suspek na may dalang bagahe sa bandang Kabacan, Cotabato Province na agad na bumaba at iniwan ang kanyang mga bagahe pagdating sa Pikit, Cotabato Province.

Kabilang sa mga sugatang indibidwal ang limang (5) buwang sanggol na si Haron Solaiman Jr., residente ng Kidapawan City; Yushra Solaiman, tatlong (3) taong gulang at Benjamin Solaiman, limang (5) taong gulang na parehong residente ng Datu Odin Sinsuat, Maguindanao; Rodolfo R. Castillo, 67 taong gulang na residente ng Toril Davao City; Lester Alkane Bautista, 17 taong gulang na residente ng Poblacion, Pikit, Cotabato; Haron Solaiman Sr., 24 taong gulang at residente ng Kidapawan City; at Masid Benjamin, 25 taong gulang na residente rin ng Datu Odin Sinsuat, Maguindanao.

Agad dinala ang mga sugatang biktima sa Aleosan District Hospital at Cotabato Regional Medical Center para malapatan ng lunas.

"The Police Regional Office 12 strongly condemns the cowardly terrorist attack against the innocent commuters of Mindanao Star bus in Purok Narra, Barangay Upper San Mateo, Aleosan, Cotabato Province this morning which wounded seven (7) victims including three (3) children. We hope for the fast recovery of the injured and be assured that those behind the bombing will face the full force of the law." pahayag ni PBGen Alexander C Tagum. *(Panulat ni Khnerwin Jay A Medelin - RPCADU12)*

# 33 Former rebels na nagbalik-loob sa pulis rehiyon onse, sumailalim sa E-CLIP

**Davao City (January 10, 2022) - Tatlumpu't tatlong (33) former rebels (FR) mula sa Marilog District sumailalim sa Enhanced Comprehensive and Integrated Program sa Kalinaw Village, Bunawan District, Davao City matapos ang isinagawang deradicalization ng Police Regional Office 11.**

Pormal nang inumpisahan ang tuloy-tuloy na pagpoproseso ng mga nagbalik-loob noong Enero 10, 2022. Sasailalim sila sa lima hanggang anim na buwan na programa ng gobyerno sa pangangasiwa ng City Social Welfare and Development Office.

Kinakailangan matapos nila ang rehabilitation, healing, at reintegration bago sila mabigyan ng Certificate of Completion upang makuha nila ang mga benepisyo na nakasaad sa Enhanced-Comprehensive Local Integration Program o E-CLIP, ilan sa mga ito ay ang pabahay, livelihood assistance o negosyong pangkabuhayan.

Sa 33 naturang FR's, lima sa mga ito ay babae habang 28 naman ay lalaki, lahat ay mula sa Matigsalug Tribe. Ito ang 2nd batch na sasailalim sa E-CLIP sa Kalinaw Village simula noong mag-umpisa silang magbukas ng pinto para sa ating mga kababayang naligaw ng landas.

"Patuloy ang ating pagbibigay serbisyo at pagpapaabot ng pangunahing serbisyo ng gobyerno simula noong naitatag ang Revitalized-Pulis sa Barangay (R-PSB) dahilan ng kanilang pagbabalik-loob, at ngayon nga ay ito na ang simula ng totoong pagbabago at pagyakap nila sa gobyerno dahil konting panahon nalang ay matatapos na nila ang buong proseso ng E-CLIP" ani PMaj Rowena Jacosalem, R-PSB over-all supervisor. *(Panulat ni PCpl Romulo Cleve Ortenero)*

# 4 na Miyembro ng Communist Terrorist Group sa CARAGA, nagbalik loob sa gobyerno

**Camp Col Rafael C Rodriguez, Butuan City----- Dahil sa tuloy tuloy na programa ng Police Regional Office 13 (PRO 13) sa paghikayat sa mga rebelde na sumuko, apat pang rebelde ang sumuko at nagbalik-loob sa pamahalaan nang payapa noong Enero 10, 2022 sa lalawigan ng Agusan del Norte.**

Sinabi ni Police Brigadier General Romeo M Caramat Jr., Regional Director, PRO 13, na humina na ngayon ang Communist Terrorist Group (CTG) movements dahil parami nang parami ang mga rebeldeng nagsipagbitiw ng armas.

Sa Las Nieves Municipal Police Station, Agusan del Norte, tatlong mass supporters ng Guerilla Front (GF) 4A ang sumuko sa pamamagitan ng isang barangay official.

Kinilala ang mga tagasuporta ng masa ng GF-4A na sina alyas Gan-gan, 34 taong gulang; alyas Maro, 58 taong gulang; at alyas Chard, 36 taong gulang.

Sa 1st Agusan del Norte Provincial Mobile Force Company (PMFC) naman sumuko si alyas "Banog", 35 taong gulang, dating NPA sa baryo, at isang courier sa ilalim ng Sandatahang Yunit Pampropaganda (SYP) Kingdom GF-4A, North Central Mindanao Regional Committee (NCRMC), sumuko siya dala dala ang kanyang homemade shotgun na walang serial number at apat na live ammunition.

"Natapos na ang kanilang mga paghihirap na natanggap mula sa rebeldeng grupo. Ang kanilang pagsuko ay hindi magiging walang kabuluhan dahil sila ay tatanggap ng maraming benepisyo at tulong pinansyal; at higit sa lahat hindi na sila magtatago sa gobyerno", saad ni PBGen Caramat Jr.

Ang mga dating miyembro ay nasa custodial debriefing ngayon at upang magproseso ng mga benepisyo sa ilalim ng Enhanced Comprehensive Local Integration Program (E-CLIP).

Sa pamamagitan ng programang ito, maaari silang maisama muli sa komunidad, makasama ang kanilang mga pamilya, at magsimulang muli sa kanilang bago at normal na buhay. Ang mga benepisyo ay inilaan para sa kanilang pag-unlad at para sa kanilang pagbabagong buhay malayo sa dahas at maling ideolohiyang itinanim sa kanila ng teroristang grupo. *(Panulat ni Pat. Gagante)*

# 1 Vintage bomb, narekober sa Bauko, Mt. Province

**Bauko, Mountain Province (January 12, 2022) - Rumesponde ang mga tauhan ng Bauko Municipal Police Station (MPS), 1st Mountain Province Provincial Mobile Force Company (1MPPMFC) sa pangunguna ni Police Lieutenant Julius Yaos, kinatawan ng Provincial Explosive Ordinance and Canine Unit (PECU) Mt. Province sa impormasyong iniulat ni G. Stephen Andiso, residente ng Sitio Gusadan, Otucan Sur, Bauko, Mt. Province hinggil sa natagpuang vintage bomb noong Enero 12, 2022.**

Ayon kay G. Andiso, kasalukuyang siyang naghuhukay sa kanyang likod-bahay upang gumawa ng kanal/drainage nang aksidenteng natamaan niya ang isang metal na bagay at napansin niyang hugis ng isang vintage na bomba kaya agad nitong iniulat sa kapulisan ng 1st MPPMFC.

Narekober ng mga rumespondeng kapulisan ang isang (1) pirasong high explosive projectile 105mm, na may haba na humigit-kumulang labing-anim (16) na pulgada habang ang diameter nito ay humigit-kumulang tatlumpu't-limang (35) sentimetro.

Ang narekober na vintage na bomba ay kasalukuyang nasa ilalim ng kustodiya ng PECU Mt. Province para sa tamang disposisyon.



# Php1.7M shabu, nakumpiska; 3 Suspek, arestado sa Pampanga

**Mabalacat City, Pampanga (January 14, 2022) - Sa maigting na kampanya ng Pampanga Police Provincial Office kontra ilegal na droga, nakakumpiska ng Php1.7 milyong halaga ng shabu at arestado ang tatlong (3) suspek umaga ng Enero 14, 2022 sa Mabalacat City, Pampanga.**

Kinilala ni Police Colonel Robin Sarmiento, Acting Provincial Director, ang mga naarestong suspek na sina Alvin Cortez, 44 taong gulang, Rosalinda Dizon, 31 taong gulang, at Orlando Cortez, 54 taong gulang mula sa Xevera Subdivison, Mabalacat City, Pampanga. Nahuli ang mga ito sa pamamagitan ng ikinasang buy-bust operation ng pinagsanib na puwersa ng Regional Police Drug Enforcement Unit-3 (RPDEU3), Special Concern Unit 3-Regional Intelligence Division (SCU3-RID) at Mabalacat City Police Station sa Brgy. Sta. Maria, Mabalacat City.

Nakuhang ebidensya mula sa mga suspek ay dalawang (2) pirasong plastic bags at isang (1) plastic sachet na naglalaman ng hinihinalang shabu na may timbang na 250 gramo; buy-bust money; isang (1) yunit ng pulang Toyota Vios at iba pang ebidensya.

Haharap ang mga suspek sa kasong paglabag sa Republic Act 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.




Samantala, patuloy na paiigtingin ng mga tauhan ng Pampanga PPO ang kampanya laban sa mga ilegal na droga para sa mapayapa at drug-free na probinsiya. *(Panulat ni Police Corporal Maria Elena Delos Santos)*

# 3 Suspek, arestado sa magkakahiwalay na Anti-illegal Drugs Operations sa Laguna

**Laguna (January 10, 2022) - Inulat ni Police Brigadier General Eliseo Dela Cruz Cruz, Regional Director ng Police Regional Office 4A ang pagkaaresto sa tatlong (3) suspek sa magkakahiwalay na anti-illegal drugs operations na isinagawa ng Laguna PNP nitong Enero 10, 2022.**

Nagsagawa ng buy-bust operation ang mga kapulisan ng Los Baños Municipal Police Station Drug Enforcement Team sa pangunguna ni Police Major Marlon Calonge sa ilalim ng pangangasiwa ni Police Lieutenant Colonel Louie Dionglay na nagresulta sa pagkaaresto sa suspek na si Alberto Del Mundo Alejandro, 47 taong gulang, isang barbero at residente ng Purok 4, Barangay San Antonio, Los Baños, Laguna, matapos nitong magbenta ng isang (1) pirasong heat-sealed transparent plastic sachet na naglalaman ng hinihinalang shabu sa isang pulis na umaktong poseur buyer.

Sa isa namang preventive search, nakumpiska ang tatlong (3) pirasong maliliit na heat-sealed transparent plastic sachets na naglalaman ng hinihinalang shabu na inilagay sa loob ng isang (1) pirasong coin purse, isang (1) pirasong limang daang peso bill (Php500.00) na ginamit bilang buy-bust money at isang (1) pirasong Php50.00 (other money).

Sa isang operasyon naman na isinagawa ng mga tauhan ng Mabitac Municipal Police Station Drug Enforcement Team na pinangunahan ni Police Captain Rolly L. Dahug, isang nagngangalang Jose Morie Gamara Serrano, 57 taong gulang, binata, walang trabaho, at residente ng Brgy. Acevida, Siniloan, Laguna, ang naaresto dahil sa pagbebenta ng hinihinalang iligal na droga sa isang pulis na umaktong poseur buyer din.

Nakumpiska dito ang tatlong (3) pirasong maliliit na heat-sealed transparent plastic sachets na naglalaman ng puting crystalline substance na hinihinalang shabu.

Kaugnay nito, nagsagawa din ng Anti-Drug operation ang mga tauhan ng Santa Cruz Municipal Police Station Drug Enforcement kasama ang Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) Laguna na nagresulta sa pagkaaresto kay Robert Guevarra Paynaganan alyas Obet, 32 taong gulang, binata, walang trabaho, at residente ng Barangay Santisima Cruz, Sta. Cruz, Laguna.

Ang mga nakumpiska kay Obet ay walong (8) pirasong heat-sealed transparent plastic sachets na naglalaman ng hinihinalang shabu, isang (1) coin purse at tatlong (3) pirasong isang daang peso bill na ginamit bilang marked money.

Kakasuhan ang mga suspek sa paglabag sa Republic Act 9165 o ang Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002 habang ang mga nakuhang ebidensya ay isusumite sa Crime Laboratory Office para sa forensic examination.

Samantala, ayon naman kay Police Colonel Rogarth B. Campo, Provincial Director ng Laguna Police Provincial Office, “Mas paiigtingin pa ng Laguna PNP ang pagsugpo sa ilegal na droga upang makamit ang isang Drug Free Community ". *(Panulat ni PCpl Teody Aguilos)*

# 6 na indibidwal, arestado sa buy-bust operations ng SPD

**Taguig City (January 11, 2022) - Pinuri ni PMgen Vicente D Danao Jr, RD, NCRPO ang mga elemento ng DDEU-SPD sa pangunguna ni PMaj Cecilio Tomas Jr, sa ilalim ng pangangasiwa ni PLtCol Renante Galang, C, DID/D2 kasama ang mga tauhan ng DID at DMFB -SPD, at SPD-SDEU Taguig City Police Station Team sa pangunguna ni PLt Ariz A Ramos, Chief, SDEU sa patnubay ni PCol Gerson Bisayas, sa matagumpay na buy-bust operations na nagresulta sa pagkakakumpiska ng mahigit Php860k halaga ng hinihinalang ilegal na droga.**

Dakong alas 6:20 ng gabi, Martes, Enero 11, isang tricycle driver na kinilalang si Halil Abo y Mama @ Abu, 26 anyos ang inaresto ng Taguig SDEU. Nakuha sa kanya ang dalawang (2) heat sealed transparent plastic sachets na naglalaman ng puting crystalline substance na hinihinalang shabu na humigit-kumulang 25.5 gramo ang timbang na may Standard Drug Price na Php173,400.00 isang (1) white/brown Marlboro cigarette box at Php200.00 buy-bust money.

Makalipas naman ang isang oras sa ganap na 7:25 ng gabi, nagsagawa ng buy-bust operation ang mga tauhan ng DDEU-SPD na humantong sa pagkakaaresto kay Wynlove Buco Y Perez, 38 taong gulang at Eusebio Jr. Bahia Y Siquig, 43 taong gulang sa kahabaan ng # 0131 BLK. 3, Catleya St., Samama Phase 2, Napindan, Taguig City. Narekober sa kanila ang walong (8) pirasong heat sealed transparent plastic sachets na naglalaman ng puting crystalline substance na pinaniniwalaang shabu na may markang GMD, GMD-1, GMD-2, GMD-3, GMD-4, GMD-5, GMD-6 at GMD- 7, lahat ay may petsa at lagda, may timbang na MOL 75.8 gramo na may SDP na Php515, 440.00; isang (1) Php500.00 bill na may serial number na PZ752752 at may markang letrang D sa kanang bahagi sa itaas at ginamit bilang buy-bust money; at isang (1) pirasong gray na eye glass case (BENCH), na may markang GMD-8.

Pagkaraan nito bandang 10:05 naman ng gabi, inaresto ng SPD PS-6 Taguig City si Raffy Lumenda y Muhamad, 44 taong gulang matapos makuha ang dalawang (2) piraso ng heat-sealed transparent plastic sachets na naglalaman ng puting crystalline substance na hinihinalang shabu na humigit-kumulang 50.8 gramo na tinatayang nagkakahalaga ng Php345,440; at dalawang (2) piraso Php100.00 na may serial number na HF732802 at NB932154 na parehong may letrang “X” sa kanang itaas na bahagi ng peso bill na ginamit bilang buy-bust money mula sa inilunsad na buy-bust operation sa Road 9 Maguindanao St., Brgy. Bagong Bicutan, Taguig City.

Karagdagan, dakong 11:00 naman ng gabi, dalawang (2) lalaki ang arestado dahil sa ilegal na droga sa kahabaan ng MLQ St., Purok 5, Brgy. Lower Bicutan, Taguig City sa anti-illegal drugs operation ng Taguig SDEU. Kinilala ang mga suspek na sina Alvin Co y Amil a.k.a Abeng, 36 anyos at Jessie Christopher Cruz y Tan, 38 anyos. Narekober sa kanila ang apat (4) na heat sealed transparent plastic sachets na naglalaman ng puting crystalline substance na hinihinalang shabu na humigit-kumulang 11.2 grams ang bigat na may Standard Drug Price na Php76,160.00 isang (1) black coin purse at Php200.00 buy-bust money.

Lahat ng nasabat na ilegal na droga ay itinurn-over sa SPD Forensic Unit para sa chemical analysis habang nasa kustodiya na ngayon ng SPD DDEU at Taguig SDEU ang mga naarestong suspek. Inihahanda na ngayon ang kasong paglabag sa RA 9165 laban sa mga naarestong suspek.

Ang produktibong trabaho na isinagawa ng mga tauhan ng Southern Police District ay nagpapatunay lamang na masigasig ang ating mga kapulisan sa paghuli ng mga lumalabag kontra ilegal na droga. Hangad ng ating Pambansang Pulisya na mabawasan ang krimen na patuloy na lumalaganap sa ating bansa at mas mapanatili ang kapayapaan sa ating lipunan. *(Panulat Ni Nica V Segaya)*

THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE

PULIS SERBIS

# BALITA

#PNPKAKAMPIMO

Volume VI No. 02 * Enero 8-14, 2022 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# Community Outreach Program, patuloy na isinagawa ng mga kapulisan ng Cagayan



**Allacapan, Cagayan (January 14, 2022) - Nagsagawa ang mga Cagayano Cops sa pangunguna ng Probinsiyal Direktor (PD) na si Police Colonel Renell R. Sabaldica ng Community Outreach Program sa Barangay Silagan, Allacapan, Cagayan noong Enero 14, 2022.**

Namahagi ang grupo ng 100 food packs, 60 pirasong tsinelas, mga bitamina, gamot, mga used clothes, biskwit at kendi para sa mga bata na nakadagdag kasiyahan sa nasabing aktibidad.

Naghandog naman ng pameryenda o "Mana pack" ang mga life-coaches at tauhan ng Allacapan Police Station sa mga residenteng dumalo.

Naging sentro rin ng programa ang pagbahagi ng mensahe ni Bb. Plor Olet, Regional Director ng National Intelligence Coordinating Agency (NICA) tungkol sa mga panlilinlang na isinasagawa ng mga teroristang grupo upang makahikayat ng mga magiging miyembro ng kanilang grupo.

Pinatotohanan ni "Ka Kira", isang dating rebelde, na ang kanyang pagpanig sa teroristang grupo ay ang kanyang pinakamadilim na nakaraan. Hinimok din niya ang mga dumalo na huwag nang suportahan ang mga teroristang grupo.

Tinalakay rin ni Hon. Christopher Molina, Bise-Presidente ng Anti-terrorism ng KKDAT- Allacapan Chapter, ang adbokasiya, plano at iba't-ibang aktibidad ng KKDAT- Allacapan Chapter. Hinikayat rin niya ang mga kabataan na suportahan ang mga programa ng pamahalaan upang maiwaksi ang mga problemang hatid ng ilegal na droga at terorismo.

Nakiisa at sumuporta sa programang ito ng mga opisyales ng lokal na pamahalaan ng Allacapan, mga barangay officials, My Brother's Keepers Life Coaches, Police Regional Office 2-Officers Ladies Club (PRO 2-OLC) sa pangunguna ni Mrs. Leah F. Sabaldica, President, sa direktang pangangasiwa ni Mrs. Lizette R. Ludan, Adviser, Allacapan Ladies Bikers, Advocacy Support Groups at mga KKDAT Ambassadors & Ambassadress.

Sa mensahe ni PD Sabaldica, ang aktibidad na isinasagawa ng mga kapulisan ay paraan upang patibayin ang kolaborasyon ng komunidad at kapulisan. Sapagkat ang pagpanatili ng kaayusan at kapayapaan sa lalawigan ng Cagayan ay nagmumula sa pagkakaisa at pagtutulungan ng mga kapulisan at mga taumbayan.

"Mas nalologon nu mabvurulun tam ngamin" (Mas maganda kung tayo ay magkaisa) tungo sa mas maayos, maunlad at mapayapang probinsya ng Cagayan. Sapagkat ang mga kapulisan ay hindi makakayang mapanatili ang kaayusan ng ating lugar kung wala ang tulong at suporta ninyo sa amin", ani PD Sabaldica.

Ang aktibidad ay nagtapos na nag-iwan ng ngiti at saya sa mga benepisyaryo lalong-lalo na sa mga Cagayano Cops at mga sumusuporta sa programa sapagkat nakapagpaabot na naman sila ng tulong sa mga kababayan nating nasa liblib na lugar.

# La Union PPO Reforestation Program, umarangkada; daan- daang puno naitanim




**Santol, La Union (January 11, 2022) - Nanguna si Police Colonel Jonathan Calixto, Provincial Director ng La Union Provincial Police Office (PPO) sa isinagawang Reforestation Program at Tree Planting sa Brgy. Corro-oy at Brgy. Lettac Norte, Santol, La Union nitong Enero 11, 2022 bandang alas 7 ng umaga.**

Malugod namang sinuportahan ni Mayor Magno Wailan kasama ang iba't ibang Brgy. Officials, Advocacy Groups, KKDAT Youth, LGU, Employees at ng mga residente ng Santol ang nasabing Reforestation. Bukod pa riyan, full force din ang lahat ng Police Station kasama ang 1st at 2nd Provincial Mobile Force Company at Provincial Headquarters personnel sa nasabing probinsiya na nakiisa at nakibahagi sa pagtatanim ng mga puno.

Tinatayang umabot sa 550 seedlings ng langka (Jackfruit) ang naitanim sa bulubunduking bahagi ng plantation sites, samantalang 700 Giant Bamboo propagules naman ang naitanim sa tabing ilog at mga sapa.

Layunin ng nasabing aktibidad na patuloy pang alagaan ang ating kapaligiran at upang maiwasan ang mga sakuna na posibleng maidulot ng deforestation.

Binigyang diin ni PCol. Calixto sa kaniyang mensahe ang katatagan ng kawayan, na kahit anumang bagyo ang dumating, yumuko man dahil sa lakas ng hangin pero sa huli nananatili pa rin itong nakatayo.

Nag-iwan din siya ng isang makabuluhang hamon sa lahat ng mga participants, aniya, "Bend and sway, but don't break. Be flexible, yet firmly rooted." Na tulad ng kawayan, tayo ay manatiling matatag sa kahit anumang pagsubok na ating mararanasan.

# Women's Association Kiosk, itinayo ng R-PSB para sa katutubong Lumabag sa Davao del Norte




**Talaingod, Davao del Norte (January 12, 2022) - Pinangunahan ni PLt Juvy S Tinga, Revitalized-Pulis sa Barangay (R-PSB) Team Leader ang isinagawang cutting of ribbon at ceremonial turn-over ng itinayong Lumabag Women's Association Kiosk ng mga tauhan ng R-PSB Lumabag, Brgy. Palma Gil, Talaingod, Davao del Norte sa ilalim ng direktang pangangasiwa ni PMaj Joselito L Tan Jr, FC (OIC) 1st Davao Norte Provincial Mobile Force Company kasama ang PCpt Elfren N Barredo, COP, Talaingod MPS, Enero 12, 2022.**

Naging matagumpay ang naturang aktibidad at pormal na itinurn-over ang nasabing kiosk sa nasabing People's Organization na binuo para mabigyan ang ating mga katutubong IP's ng maluwag at mas magandang pasilidad para sa kanilang mga nalalapit na livelihood activities at magsilbing display center ng kanilang mga produkto.

Iba't-ibang tulong at proyekto ang patuloy na ipinaabot ng bawat R-PSB sa mga Geographically Isolated and Disadvantage Areas o GIDAs lalo na para sa ating mga katutubo para sa pag-angat ng kanilang pangkabuhayan.

